DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS UNIT, REGIONAL OFFICE-CARAGA
RELEASED
AUGUST 15 2025
BY: NMB TIME: 4:44 PM

AUGUST 15 2025

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 0848 , s. 2025

Sa mga: Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Lahat ng Kinauukulan

PANREHIYONG PATIMPALAK SA 2025 BUWAN NG WIKANG PAMBANSA

1. Bilang bahagi ng pagdiriwang ng 2025 Buwan ng Wikang Pambansa, sa pangunguna ng Sangay sa Kurikulum at Pamamahalang Pampagkatuto (CLMD) ay magsasagawa ng **Panrehiyong Timpalak sa LikhaWento** na naglalayong palalimin ang pagpapahalaga sa wikang Filipino sa pamamagitan ng malikhaing pagkukuwento.

2. Narito ang mga alituntunin sa timpalak na ito:

a. Bukas sa lahat ng mag-aaral sa pampublikong paaralan ng rehiyon ang patimpalak.

b. Inaasahang magpadala ng isang entri ang bawat dibisyon sa sumusunod:

| Entri sa bawat Yugto | Timpalak | Mga Link sa Kuwento/Paksa |
|---|---|---|
| Unang Yugto (Ikatlong Baitang) | 5-minutong LikhaWento | Ang larawang-kuwento ay kukunin sa https://tinyurl.com/LikhaWento. Ipasa ang entri ng MP4 format. |
| Ikalawang Yugto (Ikaanim na Baitang) | Paglikha ng Poster | Ang paksa ay kukunin sa https://tinyurl.com/PaksangPoster. Ipasa ang entri ng PDF format. |
| Ikatlong Yugto (Ikasampung Baitang) | 1-minutong BidyoKasiya | Ang isyu ay makukuha sa https://tinyurl.com/BidyoKasiyaPaksa. Ipasa ang entri ng MP4 format. |

c. Isusumite ang mga entri sa https://tinyurl.com/EntriTimpalak at tatanggapin hanggang Agosto 29, 2025.

d. Gaganapin ang pagdedeklara ng panalo sa 3rd Quarter CLMD-CID Convergence.

e. Pipiliin ang pinakamahusay batay sa pamantayan ng bawat timpalak na makikita sa kalakip ng Memorandum na ito.

3. Inaanyayahan ang lahat ng dibisyon na aktibong makilahok sa gawaing ito bilang pagpapakita ng suporta sa pagpapalaganap ng wikang pambansa.

4. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Sangay sa Kurikulum at Pamamahalang Pampagkatuto (CLMD) sa pamamagitan ni **Maria Consuelo C. Jamera**, tagapag-ugnay panrehiyon sa Filipino, sa mariaconsuelo.jamera@deped.gov.ph.

5. Maaga at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito ay inaasahan.

**MARIA INES C. ASUNCION**
Director IV
Direktor ng Rehiyon

Mga Kalakip: Tulad ng Nabanggit
Sanggunian: MP Blg. 0787, s. 2025
Ilalagay sa Palagiang Palatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATION CURRICULUM FILIPINO

CLMD/mcj
08/13/2025

Kalakip sa MP Blg. __________, s. 2025

Pamantayan sa Bawat Patimpalak sa 2025 Buwan ng Wikang Pambansa

Tema: **"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa."**

A. LikhaWento

Ang **LikhaWento** ay isang kategorya ng Read-A-Thon na tinataya ang pag-unawa ng kalahok sa larawang-kuwento o *wordless story* sa pamamagitan ng malikhaing pagkukuwento o pagsasalaysay ng mahahalagang pangyayaring nakapaloob dito.

Mga Pamantayan:

| **Komponent** | **Bahagdan** |
|---|---|
| **Kaalaman/ Pag-unawa sa Kuwento**<br>*Malikhaing naisasalaysay ang sumusunod:<br>A. mahahalagang detalye at pangyayari;<br>B. element ng larawang-kuwento; at<br>C. kaangkupan ng pagsasalaysay sa mga biswal/ imahe/ larawan ng kuwento | **50%** |
| **Paggamit ng Tinig**<br>***(Tamang Tono, Tatas at Ekspresyon sa Pagsasalaysay)***<br>*Naisasalaysay ang kuwento nang may wastong paggamit ng salita at tamang lakas sa pandinig ng mga manonood.<br>*Naipapamalas ang wastong diin, intonasyon, at pagbigkas. | **30%** |
| **Pagganap sa Entablado**<br>*Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na tindig/ pagganap, ekspresyon ng mukha, at kilos/ galaw.<br>*Nakapagtatanghal sa itinakdang oras. | **20%** |
| **Kabuoan** | **100%** |

B. Paglikha ng Poster

Naglalayon ang **Paglikha ng Poster** na hikayatin ang mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang pag-unawa, damdamin, at pagpapahalaga sa wikang Filipino sa pamamagitan ng malikhaing sining.

| **Komponent** | **Bahagdan** |
|---|---|
| **Kaugnayan sa Tema**<br>Malinaw na naipapakita ang mensahe ng Buwan ng Wika sa kabuoan ng poster. | **30%** |
| **Kalikhaan at Orihinalidad**<br>Natatangi ang konsepto at hindi hango sa ibang likhang sining. | **25%** |
| **Biswal na Presentasyon**<br>Maayos ang pagkaka-layout, kulay, at disenyo; kaaya-ayang tingnan. | **20%** |
| **Kalinawan ng Mensahe**<br>Madaling maunawaan ang mensahe ng poster; may malinaw na punto o panawagan. | **15%** |
| **Kabuoang Hatid**<br>Nakakapukaw ng damdamin at kaisipan; may dating sa manonood. | **10%** |
| **Kabuoan** | **100%** |

C. BidyoKasiya

Ang **BidyoKasiya** ay isang kategorya ng Read-A-Thon na tinataya ang kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga isyung panlipunan mula sa binasang teksto.

| Komponent | Bahagdan |
|---|---|
| **Nilalaman**<br>*Natutukoy ang angkop na adbokasiya tungkol sa mahalagang kaisipan o mensaheng nakapaloob sa binasa.<br>*Holistiko ang pagkakabuo ng bidyo.<br>Malinaw ang ugnayan ng mga konsepto at kaisipan.<br>*Kaangkupan ng mga salitang ginamit | **40%** |
| **Kalidad/ Presentasyon**<br>*Malikhain ang pagkakabuo.<br>*Natatangi ang Teknik na ginamit.<br>*Naipakita ang lalim ng kahulugan sa paraang magaan. | **30%** |
| **Hikayat/ Dating sa madla**<br>*Nakapanghihikayat ang bidyo sa madla.<br>*Kapana-panabik | **20%** |
| **Nakasunod sa Takdang Oras**<br>*Naipasa ang bidyo sa naitakdang oras.<br>*Nakasunod sa isang minutong bidyo. | **10%** |
| **Kabuoan** | **100%** |